THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# "KRISIS SA PAGKAKAKILANLAN"

By: Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF
Enero 26, 2022

"Sino ka?" Tanong na parang madaling sagutin, ngunit hindi madali dahil maraming tao ang di agad nakasasagot sa tanong na ito. Marami tayong gamit na maskara at kasuotan upang maiba ang pang-unawa ng tao dahil gusto nating ipakita na tayo'y taong may sinasabi. Madalas tayong mawala sa suot nating maskara at ang tauhan na ating ginagampanan na hindi na natin alam kung sino talaga tayo. Ang krisis sa pagkakakilanlan ay nagdudulot sa tao ng awa sa sarili, pagpapakababa sa sarili o pagpapakamatay. Ang unang hakbang sa ganap na buhay ay malaman kung sino tayo dahil may magandang plano ang Diyos sa atin (Jer 29:11)

**1.Ang pagkakaroon ng ganap na buhay ay nagsisimula sa pagtatanong ng "Sino ako?"**

**1.1** Dapat tanungin natin ang Diyos para ipakita Niya sa atin kung sino talaga tayo – tao na Kanyang nilikha (Awit 139). Matutulungan tayo ng Diyos na yakapin ang mabuti at iwaksi ang masama para sa Kanyang kaluwalhatian (Awit 8:5-7).

**1.2** Dapat alamin natin kung sino ang ating Diyos (Awit 139 – makapangyarihan sa lahat at nasa lahat ng dako (Isa.59:1). Maaari rin nating makilala ang Diyos sa pamamagitan ni Jesus dahil Siya ang nagpahayag ng pagmamahal ng Diyos sa ating lahat

**1.3** Dapat alam natin ang ating layunin sa buhay (Jer.1:5;29:11). Kung iwawaksi natin ang Diyos sa ating buhay hindi natin malalaman bakit tayo isinilang dito sa mundo. Ang totoo ay Siya ang gagabay sa atin tungo sa magandang buhay.

**2. Bago tayo makapaglingkod sa Diyos, dapat makaranas muna tayo ng mga pagsubok.** Para mapatunayan na karapat-dapat tayong maglingkod sa Diyos, kailangang masubok ang ating pag-ibig, pagtitiis, katapatan, katiyagaan – bunga ng Espiritu Santo (Gal. 5:22-23).

2.2 Susubukan ng Diyos ang ating pag-uugali dahil kailangan nating maging matatag at gaya ng ginawa Niya kay Moses. Sinabi ng Diyos kay Moses na ialis ang mga Egipto at ihatid sa Lupang Pangako, ngunit may apat siyang tanong.

**2.1.1 "Sino ako?"**
Maraming beses, nakikita kung sino tayo tuwing nabibigyan tayo ng gawaing maglingkod. Ang ating kabiguan ay nagiging dahilan ng ating di pagbangon. Magsisimula tayong mag-alinlangan sa ating mga desisyon at iniisip nating wala tayong kakayahang magtagumpay.

**2.1.2 "Hindi kita kilala."**
Ang tunay na tanong ni Moses kung sino ang nagsugo sa kanya. Sinagot siya ng Diyos sa Exodo 3.

**2.1.3 "Paano kung nabigo ako muli?"**
Malalim ang pagdududa ni Moses. Hawak ng Diyos ang kanyang bukas at gusto Niyang si Moses ang magdadala sa mga Israelita sa Lupang Pangako. Alalahanin nating walang perpektong tao, isipin na ang kabiguan ay hindi katapusan at kilalanin ang mga benepisyo (Roma 8:28).

**2.1.4 "Wala akong kakayahan."**
Hindi dapat ito sagabal sa paggawa ng gawaing iniatang sa atin dahil higit pa sa ating inaasahan ang kayang gawin ng Diyos.

**Konklusyon:**
Gusto ng Diyos na gamitin Niya tayong lahat kahit mahina tayo (2Cor 12:10). "Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas na kaloob sa akin ni Cristo" (Filipos 4:13). Dagdag pa nito, alam Niyang mapagtatagumpayan natin ang lahat (2Tim 1:7-8) para ihanda tayo sa pagsuong ng mas mabigat na pagsubok sa kabila ng ating kabiguan.

**Pagninilay:**
1. Handa ba tayong bumalik sa ating Egipto para iligtas ang ating kapamilya, kapitbahay, katrabaho?
2. Sino ang maaari nating faraon?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/